## Pag-aani ng Sibuyas

1. Maaari nang anihin ang sibuyas kapag nabali na ang leeg nito o kung nakadapa na at madali nang maputol ang dahon.
2. Patubigan ang taniman 3 araw bago mag-ani upang masiguro na malambot ang lupa at mas madali ang pagbunot ng tanim.



## Pag-iimbak

1. Kung ibebenta nang sariwa ang aning sibuyas, huwag tanggalin ang dahon nito. Bigkisin ang mga sibuyas sa timbang na 1 kilo bawat bigkis.
2. Kung iiimbak ang aning sibuyas, putulin ang dahon nito hanggang sa may leeg. Pagsama-samahin ang mga sibuyas na magkakasinlaki at alisin ang mga may sira upang maiwasan ang pagkabulok.
3. Iimbak ang sibuyas sa lugar na malamig, tuyo at may sapat na bentilasyon.



*Maraming mabubuting dulot sa kalusugan ang pagkonsumo ng organikong sibuyas. Bukod sa pinipigilan nito ang pagdami ng masamang bakterya tulad ng *E. coli,* mayaman din ito sa anthocyanins na pumoprotekta laban sa sakit sa puso, kanser at diabetes.

*Pinagkunan: *https://www.healthline.com/nutrition/onion-benefits*

***Para sa iba pang kaalaman:, makipag-ugnayan sa:***

Ramon Magsaysay-Center for Agricultural Resources and Environment Studies
Research Center
CENTRAL LUZON STATE UNIVERSITY
Science City of Muoz, Nueva Ecija
(044) 806-11-57
rmcares@clsu.edu.ph

***Inihanda ng:***

Science and Technology Centrum/
University Extension Center
Research and Extension
CENTRAL LUZON STATE UNIVERSITY
Science City of Muñoz, Nueva Ecija
(044) 940-9905 / (044) 456-5203
extension@clsu.edu.ph





# Produksyon ng Sibuyas

(*Organic-based*)

**Ramon Magsaysay-Center for Agricultural Resources and Environment Studies**
Research Center
Research and Extension
CENTRAL LUZON STATE UNIVERSITY
Science City of Muñoz, Nueva Ecija, Philippines

**Panimula**

Ang sibuyas ay isa sa pangunahing itinatanim at pagkakakitaan ng mga magsasaka sa Nueva Ecija. Karamihan sa mga magsasaka ay nakadepende sa komersyal at nakakalasong pestisidyo. Isa sa mga teknolohiyang pinag-aralan ng RM-CARES ay ang organiko/ *organic-based* na pagtatanim ng sibuyas upang makatulong sa na mapababa ang gastusin, maiwasan ang polusyon at higit sa lahat, magkaroon ng ligtas at masustansyang pagkain.

## Gabay sa Produksyon ng *Organic*-*based* *na Sibuyas*

**Panahon ng Pagtatanim:** Disyembre hanggang Marso
**Uri ng Lupang Taniman:** Lupang buhaghag o Sandy Clay Loam

**Uri ng Binhi:**

| Barayti | Bilang ng araw bago anihin |
|---|---|
| *Single Bulb Red Creole* | 100 |
| *Yellow Grannex* | 80-100 |

## Paghahanda ng Lupang Punlaan

1. Araruhin at suyurin ang punlaan nang 2 beses.
2. Gumawa ng kamang punlaan na may lapad na 1 metro, haba na 10 metro at taas na 15-20 sentimetro.
3. Maglagay ng ng sunog na ipa (*carbonized hull*) sa ibabaw ng kama na may kapal na 3 pulgada. Ihalo sa ang sunog na ipa.
4. Guhitan nang pahalang ang kamang punlaan bago magbudbod ng buto upang mas mapadali ang pagdadamo.

## Paghahanda ng Punla

1. Magbudbod ng 450*g* ng buto sa bawat kamang punlaan.
2. Matapos ibudbod ang buto, lagyan ng 5*kg* na organikong pataba ang punlaan at takpan ng dayami ang ibabaw nito.
3. Maglagay ng *vermicas*t mga 14 araw matapos ang pag-usbong ng mga buto. Maglagay ng 1 litro ng *vermitea* sa 15 litro ng tubig kada 15 araw.
4. Makalipas ang 2 linggo pagkapunla, magtunaw ng 50*g* ng urea sa 16 na litrong tubig at idilig sa punla. Ulitin makalipas ang 2 linggo.
5. Diligin ang punlaan sa umaga at hapon sa loob ng 30 araw.
6. Diligan ang mga punla bago bunutin para sa paglilipat-tanim.

## Paghahanda ng Lupang Taniman

1. Araruhin ang taniman nang minsan at suyurin ng 2 beses upang maging mapino ang lupa.
2. Hayaang tubuan ng damo ang inihandang taniman upang mabawasan ang mga damong tutubo sa panahon na nakatanim na ang sibuyas.
3. Bunutin ang mga tumutubong damo at araruhin muli ang taniman hanggang maging pino at patag.
4. Gumawa ng pilapil sa taniman ayon sa nais na luwang.

## Paglalagay ng Pataba

1. Maghanda ng 4 na tonelada ng organikong pataba (*vermicast*) para sa bawat ektaryang taniman.



2. Maghanda rin ng 250*kg* ng *trichoderma* at hatiin ito sa tatlong bahagi. Ilagay ang unang bahagi kasabay ng *trichoplus* at organikong pataba bago magtanim.
3. Hatiin ang organikong pataba sa dalawang bahagi. Ibudbod ang unang kalahati sa pagtatamnan bago ang paglilpat-tanim. Ilagay ang natitirang kalahati, 30 araw matapos maglipat-tanim.



4. Maglagay ng 1.5 *bag* ng 14-14-14 bawat ektarya makalipas ang 14 na araw ng lipat-tanim para sa unang paglalagay. Maglagay muli ng 1.5 *bag* ng 14-14-14 makalipas ang 30-45 araw pagkalipat-tanim.



5. Maglagay ng 1*bag* ng *urea* makalipas ang 14 na araw pagkalipat-tanim. Maglagay muli ng 1*bag* ng *urea* pagsapit ng 30-45 araw pagkalipat-tanim.
6. Mag-spray ng *Fish Animo Acid* 15 araw matapos ang lipat-tanim kung kinakailangan.
7. Mag-spray ng *fermented kangkong* 15 araw matapos ang lipat-tanim para sa pagbulas ng sibuyas.

## Paglilipat-tanim



1. Maglipat-tanim ng punlang sibuyas na may edad na 30 araw. Gawing 8 *x* 8*cm* ang distansya ng pagtatanim.

## Pagpapatubig



1. Patubigan ang taniman gamit ang *shallow-tube well* minsan sa isang linggo hanggang sa paglalaman ng sibuyas.

## Pagdadamo



1. Simulang magtanggal ng damo kapag mayroon nang tumutubo.

## Pamamahala sa mga Peste at Sakit

1. Maglagay ng *biopesticides* o organikong pestisidyo upang maiwasan ang sakit at mapuksa ang mga insektong maninira. Ihalo ang 100 mililitro ng *biopesticide* sa 1 litrong tubig at i-*spray* ito sa tanim sa oras na hindi na matindi ang sikat ng araw.



2. Mag-*spray* ng Kakawate *Extract/Fermented mga* 30 araw matapos ang paglilipat-tanim.